NANGUNGUNANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Oktubre 16-31, 2019



**TULA**
## PAGLALAKBAY
Ni OMER OSCAR B. ALMENARIO

**NOBELA**
## SAKA NA LANG KITA MAMAHALIN
Ni NERI JEDELIZ

**BAGONG MANUNULAT**
## PAGLABAN
Ni MELLODINE A. ANTONIO

**MAIKLING KUWENTO**
## ANG PAGTAKAS
Ni JON E. ROYECA

# KIRA BALINGER

MANILA BULLETIN PUBLISHING
9 771165 698142
ISSN 1656-98-14
P40

nang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

# MGA NILALAMAN

I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine


**NOBELA**

6 **Kasaysayan Ng Kalibutan (8)**
Edgar Calabia Samar

8 **"Ikaw Na Muna, Mommy" (13)**
Efren Abueg

10 **Higit Na Matibay (36)**
Armando T. Javier

12 **Saka Na Lang Kita Mamahalin (Katapusan)**
Neri Jedeliz

**MAIKLING KUWENTO**

4 **Extra Service**
Armando T. Javier

14 **Ang Pagtakas**
Jon E. Royeca

16 **Nakita Mo Ba Siya?**
George Deoso

18 **Paglaban**
Mellodine A. Antonio

**DAGLI**

27 Geraldine Gentozala-Juachon

**LATHALAIN**

28 **Paano Ba Sinasagot Ang Mga Katagang "Am I My Brother's Keeper?**
Fernando B. Sanchez

30 **Paano Ba Iiwas Na Hindi Mapahamak At Masaktan Sa Sariling Bahay?**
Lilia Borlongan-Alvarez

**KOMIKS**

37 **Sa Mga Pangil Ni Gorgo (6)**
JD Ronquillo / Franklin Batolinao

40 **Ang Babaeng Pinangakuan (8)**
Alquin M. Pulido / Carmelo A. Perlas

43 **Lover Boy (9)**
Elena M. Patron / Rico Rival

46 **Sa Mundong Iyon... (48)**
Perry C. Mangilaya / Donato Santos

49 **The Greatest Gift**
Andres Munoz / Carmelo A. Perlas

54 **Doro Dora**
William Contreras

**TULA**

56 **Paglalakbay**
Omer Oscar B. Almenario

**KOLUM**

20 **Basa Tayo**
John Iremil Teodoro

22 **Epektibong Pagtuturo**
Pat V. Villafuerte

24 **Buklat/Mulat**
Dr. Eugene Y. Evasco

26 **Haraya**
Dr. Michael M. Coroza

33 **Tatak Pilipino**
Boy A. Silverio

52 **Pag-Usapan Natin!**
*Kuya Sam*

52 **Magluto Tayo**
Mareng Lena

**SHOWBIZ**

34 **Kira Balinger, Magpapaiyak Sa Seryeng Pamilya Ko**
Maricris V. Nicasio

35 **Ejay Falcon, Excited Na...**
Nonie V. Nicasio

35 **Showbiz Tribya**
Julio Silverio, Jr.

**LIBANGAN**

36 **Astrolohiya**
*Madame Sharona*

54 **Magtawanan Tayo!**
*Anthony Locsin*

54 **Math Puzzle**
*Rosemarie Adaya*

54 **Palaisipan**
*Jose Marie Gallego*










NOBELA

# KASAYSAYAN NG KALIBUTAN

Ni EDGAR CALABIA SAMAR




"T-tabi po, Baisa… Tabi po, Jema…" saka parang nagulat si Hal sa sarili niya. Saan niya nadampot iyon?

"Naaalala mo na ako?" sabi ng dalagita.

**ANG NAKARAAN:** Pagkatapos ng lindol, pinauwi ni Pat ang mga kasama niyang tamawo sa Isakan samantalang pumuslit sila ng tikbalang niyang si Linakapati patungo sa pinakatimog ng Tahilan, para tingnan ang lawa sa balangay malapit sa kung saan gumuho ang Dakilang Sanggalang. Doon niya nakilala si Mang Norman na nagsama sa kaniya palabas sa Tahilan sakay ng mga kalanta. Nakarating sila sa Taway na nasa sentro ng Alimuom at nagulat si Pat nang makita kung gaano kaunlad ang siyudad. Mas namamangha siya na kahawig iyon ng mga kuwento sa kaniya ng yéna niya, at ng nilalaman ng mga panaginip niya kahit bago pa man siya nakalabas sa Tahilan. Paggising niya kinabukasan, isinama siya ni Mang Norman sa malaking lawa na nasa pinakasentro mismo ng Taway. Tulad ng inaasahan na niya, wala rin ang repleksiyon niya sa tubig ng lawa.

**MAIKLING KUWENTO**

# ANG PAGTAKAS

## Ni JON E. ROYECA

"PAPA, gusto ko na pong magkaroon ng akawnt sa Facebook," ang sabi ni Bernard. "Akó na lang po sa klase namin ang wala pa."

Hindi gaanong napapansin ni Roy ang panganay na anak. Nakatutok kasi siya sa panonood sa isang programa sa telebisyon. Kinakapanayam ang isang naging mataas na pinunò ng pamahalaan noong panahon ng batas militar. Wala raw naman nangyaring mga pang-aabuso sa karapatang pantao nang mga panahong iyon, ang sabi ng pinunò. Kayâ, hindi raw maituturing na isang masamâng kabanata sa kasaysayan ng bansa ang batas militar.

Napangiti nang mapait si Roy. Matagal na niyang napapanood sa telebisyon ang táong iyon. Isa kasi iyon sa mga nagpatupad ng batas militar, pero hayan at paulit-ulit na naghuhugas ng kamay sa madla. Wala raw masamâng nangyari noon, at kung mayroon man, wala raw itong kinalaman.

"Papa. Sige na. Payagan mo na akó," pangungulit pa ni Bernard.

Napakislot si Roy. "Bakit ba? Ano ang makukuha mo riyan?"

"Hay naku si Papa. Hindi na po kompleto ang búhay ngayon kung walang Facebook."


Oo nga naman, nasabi ni Roy sa sarili. Maging siya, kabílang yata siya sa iilan na lámang tao sa daigdig na wala pa sa umpukang pangkalawakan o *social media*. Lahat na yata ng mga naging kaklase, mga kaibigan, at mga katrabaho niya ay nása Facebook na. Siya na lang ang wala. Gusto rin naman sana niyang mapasáma roon. Pero may mga humahadlang sa kanya.

At heto na ang panganay niya. Nagtin-edyer na, pero hindi pa rin niya mapayagang magkaroon ng akawnt sa Facebook. Napagsabihan na niya ito noon pa na huwag na huwag gagawa ng anumang akawnt sa mga umpukang pangkalawakan. Binalaan niya ito na kung hindi makikinig sa kanya, hindi na rin ito makahihingi sa kanya at sa ina nito ng anumang naisin nito. Sumusunod naman ito sa kanya.

"Papa, bakit ba ayaw mo akóng magka-Facebook? O kahit Twitter o IG?" usisa ni Bernard. "Mag-iisang taon na po akóng nakikiusap, pero ayaw pa rin ninyo."

"Para nga saan iyan?"

"Para malaman ko po kung ano-ano ang ginagawa ng mga kaklase ko. Para makilala ko ang mga kamag-anak natin. Para sa kumustahan. At marami pa."



Maingat siláng sumakay sa traysikel, bitbit ang mga bag. Iiwan na nila ang kanilang bahay at mga kasangkapan sa mga kamag-anak.

"Puwede mo namang kumustahin ang mga kaklase mo nang harapan."

"Papa naman. Marami po siláng usapan sa Facebook na hindi ko alam. Kayâ, kung nagkikita-kita kami sa klase, nagmumukha akóng tanga. Wala po kasi akóng maisagot sa kanila."

"Puwede naman sa selpon ka na makipag-usap sa kanila."

"Iba po sa Facebook. May mga piktyur, bedyo, at grapiks. Minsan po, pati *project* namin sa iskul, sa Facebook na pinag-uusapan. Hindi po akó makasunod."

Napabuntunghininga si Roy.

"Sige na po, Papa."

"Baka kasi mapasamâ ka riyan. May mga nababása akóng balita na may



**EPEKTIBONG PAGTUTURO**
**Ni PAT V. VILLAFUERTE**

# INTELEKTUWALISASYON

SA isang mensahe ni House Speaker Gloria Macapagal-Arroyo ay sinabi niya ang ganito: *"Ang wikang sarili para sa araw-araw at etnikong pangangailangan; ang wikang Filipino para sa pambansang kamalayan at pagkakaunawaan; at wikang Ingles para sa modernisasyon at pandaigdigang pakikipag-ugnayan. Ang pagkilala sa mga wika ng mga Pilipino at ang paggamit nito sa iba't iba at angkop na sitwasyon ay makatutugon sa pagharap sa mga hamon ng makabagong panahon."*

Sa mensaheng ito ay pagpapatunay na mahalagang maipagpatuloy na maitaguyod ang mga programa at proyektong pangwika bilang panimulang pagharap sa tinutukoy niyang hamon tungo sa pag-unlad ng bansa. At ang isang mabisang proyektong pangwika na maisasagawa ay ang pag-iintelektuwalisasyon sa wikang Filipino. Ngunit ang tanong ay kailangan bang maintektuwalays ang Filipino? Bakit nagsasalungatan ng mga pahayag ang ilang mga iskolar, mananaliksik at kritiko hinggil dito? May nagsasabing mailalagay sa mababang kalagayan ang Filipino at mailuluklok naman sa mataas na kagayan ang Ingles kapag ganap nang napairal ang intelektuwalisasyon sa bansa?



Mga larawang mula sa Goog

Ganito ang katwiran ng mga di sumasang-ayon sa intelektuwalisasyon ng Filipino ayon kay Santiago (1996):

1. Mapanghamig na galamay ng imperyalismo.
2. Magpapatuloy ang pananakop at pang-aapi sa pamamagitan ng wika.
3. Nagpaparatang sa mga lingguwista na pawang mapagpanggap lamang sapagkat higit na nakararami ang mga maka-Ingles.
4. Hindi na kailangan ang intelektuwalisasyon sapagkat ang Filipino ay intelektuwalisado na kung ang pinag-uusapan ay ang gamit nito sa ating mga pangangailangan.

Sa mga nagsasabing kailangan ng Filipino ang intelektuwalisasyon lalo't hindi pa nakakapagsalita nang maayos sa Filipino ang isang mamamayang Pilipino.



Katunayan, maituturing na intelektuwalisado ang Filipino kapag intelektuwalisado sa Filipino ang nagsasalita. Sa maikling salita, ang paggamit ng wika ang batayan para masabing intelektuwalisado na ang pambansang wika.

Ano ba ang intelektuwalisasyon? Ayon kay Santago (1990), *"Ang intelektuwalisasyon ay pag-unlad na bertikal ng wika mula sa mababang kalagayang di teknikal patungo sa mataas na kalagayang teknikal. Sa kabuuan, an intelektuwalisasyon ng Filipino ay higit na nakatuon sa elaborasyo pagpapalawak ng leksikon sapagkat naroon ang problema. Tumutu rin ang intelektuwalisasyon sa nagaganap o sa isinasagawa ring proseso upang ang isang wikang di pa intelektuwalisado ay maitaa at mailagay sa antas ng intelektuwalisado nang sa gayo'y mabisan magamit sa mga sopistikadong lawak ng karunungan."*

Matagal nang intelektuwalisado ang mga wikang Sanskri at Arabic bago pa man naging intelektuwalisado ang Ingles at mga wikang Indo-Europeo. Dahil dito ay maitatanong kung nasunod ba ang proseso sa pag-iintelektuwalisado ng wika, Ipinahayag ni Gonzales (1996), *"Ang proseso ng intelektuwalisasyon na isang bahagi ng pagpapayaman at patunay ng higit na malaking sosyolohikal na proseso ng modernisasyon, ay binubuo ng mga pagbabago / inobasyon. Ang pagbabago ay maaaring sa sistema ng palatunugan ng wika (sa panghihiram ng yunit ponolohikal at sa tulong ng mga bagong hulwaran o pardon ng palatunugang segmental), at sa leksikon (sa panghihiram ng m terminong teknikal at kolokasyon). May malawakang panghihiram ng mga panandang transisyon at pang-ugnay na lohikal sa diskors halos walang pagbabago sa sintkas at mayroon ding malawakang panghihiran ng estrukturang retorikal mula sa hanguang wika pa mapunan ang isang pangangailangan o kahinaan ng wika na dapa mapunan."*

Kung susundin ang panukala ni Sibayan (1988), ang pros ng intelektuwalisasyon ay dapat magsimula sa itaas patung ibaba na may dalawang pagpapakahulugan: (1) magsisimul antas tersyarya pababa sa sekondarya hanggang elementary o (2) ang pagsasabatas na sapilitang pagpapagamit ng Filipi sa lahat ng lawak at antas ng karunungan sapagkat ito'y makakamit lamang sa aktuwal na paggamit ng wika.

Sa kabuuan, masasabing tama si Santiago sa pagsasabing hindi pa intelektuwalisado ang Filipino sapagkat kulang na kulang pa ito sa mga katawagang kailangan sa mga intelektuwalisadong paksa. L

## EXTRA SERVICE (Mula sa pahina 5)

Sinimulan nito na masahehin siya. Magaan ang kamay: nabining humahagod sa magkabilang paypay ng kanyang nga balikat, nakagiginhawa; tila siya hinihila ng antok.

"Ano'ng pangalan mo?" tanong niya habang nakasubsob ng pisngi sa unan.

Napahagikhik ang babae. "Dos."

"Ano?" Napaangat siya ng ulo, bumaling dito.

Itinuro ng babae ang numero nito sa kaliwang dibdib.

"'Yung totoong pangalan mo?"

"Dos na lang. Hindi ko rin naman sasabihin sa 'yong unay kong pangalan."

Pero siya nang tanungin ang kanyang pangalan ay akipaglaro rin.

"Tres," sabi ni Demet.

"Ba't naman tres?"

"Nakakatatlo pa kasi...!"

Bilang ganti, diniinan ng babae ang pagpisil sa kanyang nga kalamnan.

At nakatapos ito sa pagmamasahe. May nalalabi pa silang oras. Naisip niya si Tom at ang dalawa pa nilang kasama: aka sa mga sandaling ito ay nakakarami na. Tumihaya siya t tiningnan ang masahista.

"*Extra service* tayo. Magkano?"

Napapiksi ito, napahalukipkip. "Ay, ayoko! Di ako agpapagano'n..."

Baka nagpapapresyo, naisip ni Demet. "Saglit lang aman. Magkano'ng gusto mo?"

Pinagsungitan siya ng babae. "'Ambaba naman ng tingin no sa 'kin...?"

Nakatambad sa kanya ang bilugang dibdib nito na asasakal sa suot na blusa: mukhang mahindig pa, mukhang indi pa salanta.

"Okey, kung ayaw mo talaga..."

Bumangon siya at nagbihis, binigyan ng *tip* ang babae at aghintay na matapos ang kanilang oras. Saka sila sabay na umabas sa *cubicle*.

"Babalik ka, ha?" sabi sa kanya ni Dos. "Huwag kang nadadala. Ayoko kasi talaga sa ano...*extra service*...hanggang nasahe lang talaga ako."

"Sige," matabang na sabi ni Demet.

Nagkita-kita uli sila nina Tom sa *lobby*. Pawang mga akangiti ang tatlo.

"Okey ba, Demet?" salubong sa kanya ni Tom.

Alam niya ang tinutukoy nito.

"Okey," sabi niya, kahit hindi naman talaga okey at valang *extra service* na nangyari sa kanila ng kapareha.

Nagkindatan sina Tom at ang dalawa pa nilang kasama. Jagyakag si Tom sa katabing *videoke bar,* uminom pa sila ng galawang bote bago naghiwa-hiwalay.

"Para kapani-paniwala kay esmi na galing nga ako sa numan," sabi ni Tom.

Natawa si Demet at ang dalawa niyang kaopisina.

SA kanyang silid lalo't gabi at matutulog na, pabalik-alik sa kanyang alaala ang pagkakakilala nila ni Dos. Japapalunok siya kapag binabalikan sa gunita ang nabibilog nitong dibdib na sa pakiwari niya'y kay sarap amhin ng palad. Mailap nga lang. Pakiyeme. At iyon ng nakaiintriga sa kanya. Nasa gayong trabaho ay tila agmamalinis pa gayong pumapayag naman ang mga asama. Bagito talaga siguro, hindi pa sanay, suwerte nang nakakauna. Tila naging *challenge* kay Demet si Dos.

Binalikan niya isang gabi. Itinaon niyang hindi araw ng uweldo para hindi niya makasabay sina Tom.

Namukhaan siya ni Dos nang pumasok sa *cubicle*.

"Sabi ko na't ikaw..."

"Na-mis ko'ng masahe mo," sabi niya, ikinagulat din ang pagtabil ng kanyang dila.

Napangiti si Dos, tila nga nag-*blush*.

Naisip ni Demet, na kung hindi makuha sa pera ang masahista, baka naman makuha sa bola. Baka gusto'y nililigawan muna. Nae-*excite* rin siya. Para siyang *single* na manliligaw uli--kahit pa nga masahista ang kanyang liligawan.

Idinako niya kay Dos ang pag-uusap nila habang siya'y nakadapa at minamasahe nito.

"S'werte ng magiging *boyfriend* mo, laging kondisyon ang katawan dahil sa masahe mo."

"Wala na nga 'kong *boyfriend*," sabi ni Dos, "iniwan ako sa ere."

Bola, naisip ni Demet. Para rin sigurong GRO ang mga masahista: kapag tinatanong ng kostumer, laging *single*. Nakisakay siya.

"Ano naman ang pinagkasiraan n'yo?"

Saglit na nagsawalang-kibo ang masahista, narinig niya nang magbuntunghininga. "Pumatol s'ya sa amo n'yang babae."

"Ano ba s'ya?"

"*Company driver*."

Pinatihaya siya ni Dos matapos mamasahe ang kanyang likod at mga hita. Ngayo'y hinihilot naman ang kanyang sentido at noo. Seryoso ang mukha nito. Kung totoo ang ikinukuwento sa kanya, mukhang dinadamdam pa nga ang pagkakasira sa nakahiwalayang *boyfriend*. Bago pa lang sigurong nagbe-*break* kaya masungit at galit pa.

Pinagmamasdan niya ang mukha ni Dos na nakatambad sa kanya; malamlam ang ilaw sa loob ng *cubicle* at maamo ang bilugang mukha nito bagama't malungkot ang mga mata.

"Hanggang anong oras ka dito?"

"Alas-dos pa'ng sara namin. Bakit?"

"'Intayin kita, ha?"

"Bakit?"

"Wala. Gusto ko lang."

Ngumiti. "Bahala ka."

Binigyan niya uli ng *tip* si Dos nang makatapos sila at inulit ang sinabing hihintayin niya ito sa pag-uwi. Paglabas doon, nagtuloy siya sa kadikit na *videoke bar*, door magpapalipas ng oras; mag-iinom, habang hinihintay na magsara ang *massage parlor*.

Kinakapa ni Demet ang kanyang damdamin. Naglilibang lang siya, sinasabi niya sa kanyang sarili, pangontra sa pangungulila niya kay Janice. Ang hindi niya maipaliwanag ay kung bakit siya kinikilig.

**(MAY KARUGTONG)**

### PABATID SA MGA KONTRIBYUTOR!

PARA po sa sistema ng pagbabayad sa inyong nailathalang mga akda sa *Liwayway*, kailangan lamang pong may *account* kayo sa Philtrust bank o Landbank. Mangyari lamang pong ipadala o e-*email* ninyo ang inyong kompletong *account name* at *number*, kasama ng inyong TIN *number* sa liwayway.mb@gmail.com. Tanging Philtrust bank at Landbank lamang po ang tinatanggap. Ang paghahanda po ng *payroll* ay buwanan. Ang nailathalang akda sa kasalukuyang buwan, sa susunod na buwan na idi-*deposit* ang inyong kabayaran.

Maraming salamat po,
Editoryal





**Ni DR. EUGENE YAMBOT EVASCO**

# Tanikala ng mga Patakaran

SA premyadong nobelang *Long Way Down* (Simon and Schuster, 2017) ni Jason Reynolds, tinalakay ang buhay ng mga African-American na karaniwan na ang pamamaril, pagpaslang, ang pagkakaroon ng teritoryo, at ang maagang kamatayan ng kabataan. Inilalarawan dito ang siklo ng karahasan at ang patakaran ng paghihiganti. Ayon nga sa isang berso:

No.3: Revenge


If someone you love
gets killed,

find the person
who killed

them and
kill them.

Bida sa nobela ang labinlimang taong gulang na si Will o William Holloman na namatayan ng nakatatandang kapatid dahil sa pamamaslang. Nakatanikala si Will sa nasabing patakaran. Makawala kaya siya?

Naisulat ito sa anyo ng mga berso na madaling basahin. Inaasahang ang ganitong anyo ng nobela ay makapanghihikayat ng mas maraming mambabasa na takot sa anyo ng nobela at ng kalipunan ng tula. Kilala bilang *verse novel* o *novel-in-verse*, ang ganitong uri ng pagkukuwento ay nasa serye ng mga bersong nagsasalaysay. Kadalasan, walang tugma ang mga berso. Tinatawag itong mga "blank verse." Minsan, maaaring magpakitang-gilas ang nobelista-makata sa pamamagitan ng paglalahok ng iba't ibang porma ng tula tulad halimbawa ng *haiku, soneto, villanelle,* o *limerick*.




**Larawang mula sa Google**

Isa pang katangian ng *verse novel* ay ang paglalatag nito ng mga imahen o larawan na may tungkulin sa pagkukuwento. Mahalaga ang *white space* upang maiparamdam ang katahimikan, pagdaloy ng panahon, o kaya'y kawalang-sigla ng buhay. Mahalagang biswal ang nilalaman at pagkakaayos ng mga berso na nakatutulong sa pagsusulong ng naratibo.

Hindi itinuturing na isang ganap na tula ang bawat berso sa *Long Way Down*. Pagkakamaling maituturing kung huhusgahan ang isang berso upang kilatisin ang pagkatula nito. Tulad ng nasabi na, ang mga berso ay magiging mabisa lamang kung babasahin ang mga ito mula simula hanggang wakas dahil sa pagtataglay nito ng tungkulin na makapagkuwento. Maging ang pamagat ng bawat berso ay hindi hadlang sa pagbabasa ng nobela dahil bahagi na ito ng naratibo. Sa akda ni Reynolds, gumamit siya ng iba't ibang estilo ng berso tulad ng mga patakaran ng paghihiganti, mga anagram ("Anagram No. 3 COOL=LOCO"), kongkretong tula (nasa anyong tandang pananong ang paulit-ulit na salitang "Right?" na may pamagat na "The Rules are the Rules"), at pagbabahagi ng emosyon na wari bang monologo. Pinakinabangan din niya ang wika ng pelikula dahil bawat berso ay maihahalintulad sa *sequence* o eksena. Narito ang halimbawa ng paglalaro ng mga salita na masisipat sa aklat:

And You Know
it's weird to know
a person you don't know

and at the same time

not know
a person you know,

you know?

Kapansin-pansin sa nobelang ito ang tutok sa mga detalye. Matingkad na nailarawan ang eksena pagkaraan ng krimen, ang *eczema* (galis) ng nanay ng tagapagsalaysay na lalong lumala dahil sa *stress* at depresyon, mga bata sa *detention center*, ang buhay ng "thug," ang dugo, ang usok ng sigarilyo sa loob ng *elevator*, at ang buwan. Mahalaga ang ganitong pamamaraan ng manunulat upang maging malinaw ang mga eksena at emosyong pinagdadaanan ng pangunahing tauhan.

Masasabi ring mataas ang kalidad ng pagkakasulat dahil sa talas ng obserbasyon, paggamit ng payak na metapora at pagwawangki (*simile*), at ang paglalaan ng awtor na pansinin ng tauhan ang sarili at ang pakiramdam ng ibang tao. Napasok din niya ang isipan ng batang tagapagsalaysay. At dahil dito, naiparating sa mambabasa ang namamayaning damdamin sa buong aklat—ang pagluluksa at ang gigil na makapaghiganti.

Mainam ang disenyo ng aklat gaya ng pabalat at ang mga imahen sa loob. Ang abo at ang paggamit ng itim sa pabalat ay nagpapahiwatig ng malagim at kalunos-lunos na sitwasyon. Nagbibigay ito ng pahiwatig sa kahirapan at kawalan ng pag-asa sa lungsod.

Kapuri-puri ang gamit ng bawat antas sa *elevator* bilang disenyo ng naratibo. Bawat palapag ay sumasagisag at kumakatawan sa mga namatay na biktima ng pamamaril. Lahat sila'y may kaugnayan sa bida. Lahat ng mga ito'y nagmumulto sa pangunahing tauhan—kababatang babae, tiyuhin, at tatay. Itinuturing ang nobelang ito bilang isang *ghost story*. Hihinto ang *elevator* sa bawat palapag at papasok ang multo. Bawat multong ito ay magkukuwento tungkol sa kanilang naging buhay at kamatayan; nagsisilbi silang konsensiya ng bida sa kaniyang pagbaba ng gusali upang ipaghiganti ang pumatay sa kaniyang kapatid.


Matapang na aklat pambata ito na ginawaran ng mga parangal na Newbery Honor, Printz Honor, at Coretta Scott King Honor ng American Library Association. Hindi lamang ito nagtataglay ng malagim na realidad kundi ipinapakilala sa mga batang mambabasa ang isang daigdig na may mga suliranin tulad ng laganap na ipinagbabawal na gamot, kriminalidad, pagnanakaw, at kahirapan sa isang bahagi ng lungsod. Ipinababatid nito sa mambabasa ang pagbabago ng buhay pampamilya at pampamayanan pagkaraan ng isang karahasan. Kontrobersiyal ang wakas ng nobela dahil sa namamayaning tanong na "Papatay ba siya ng isang di kilala?" Itutuloy ba niya ang paghihiganti dahil lamang may patakarang lumaban at pumaslang? Higit sa lahat, hinihikayat ng aklat na ito ang mambabasa na maging katuwang sa pagbabago ng lipunan sa mapayapang pamamaraan. L

COVER STORY

# Kira Balinger,

## magpapaiyak sa seryeng Pamilya Ko

Ni MARICRIS V. NICASIO


Larawang mula sa ABS-CBN Corporate Communications

MALAKI ang potensiyal ng *young actress* na si Kira Balinger para maging isa sa *top young actress* sa ABS CBN. Bukod kasi sa taglay niyang ganda, *talented* ang *19 year old* na dalaga.

Marami siyang pangarap sa buhay, bukod sa pagtutok sa kanyang *showbiz career*, pangarap niyang maging isang *international model*, maging *recording artist*, at hindi niya isinasara ang pintuan sa posibilidad na sumabak sa *beauty pageant* pagtungtong daw niya ng gulang na 22.

Sampung taon si Kira nang magtungo sa Filipinas, mula England at ang naging susi niya sa mundo ng *showbiz* ay nang may naka-*discover* sa kanyang *talent scout* sa *mall*. Mula rito ay pinag-*workshop* na si Kira. Umabot ng dalawang taon ang *workshop* ng aktres dahil noong panahong iyon ay hindi pa siya marunong magsalita ng Tagalog.

Kabilang sa mga *project* na nagawa ng dalaga ang pelikulang *Familia Blondina* na tinampukan ni Karla Estrada, *Wansapanataym, Maalaala Mo Kaya*, at *Ipaglaban Mo*.

Katatapos lang niyang mapanood sa pelikulang *G!* bilang *entry* sa *3rd Pista ng Pelikulang Pilipino* na kasabay ng pagdiriwang ng *100th anniversary* ng Philippine Cinema. Dito'y gumanap siya bilang *girlfriend* ng bidang si McCoy de Leon na may taning na ang buhay.

Samantala, kasalukuyang tinututukan ng marami ang teleserye nilang *Pamilya Ko* sa ABS CBN na nagsimula *last* September 9. Si Kira ay gumaganap na Lemon dito, ang ikaanim na anak sa Pamilya Mabunga.

Marami ang pumupuri sa *TV series* na ito na tinatampukan nina Ms. Sylvia Sanchez at JM de Guzman, dahil sa *plot* nitong pampamilya at sa husay ng mga nagsisipagganap dito. *Very vocal* ang mga nakakapanood nito na talagang bumabaha ang luha nila sa serye. Kaya naman bukod sa madalas mag-*trending*, mataas ang *ratings* ng seryeng ito.

Sadyang napukaw ang damdamin ng mga manonood ng seryeng ito na nagpapakita sa pagsubok ng hinaharap ng bawat pamilya—mula sa pagtataksil, away-kapatid, at trahedya—at ang mga bagay na magbubuklod sa kanila—pagpapatawad, pagtanggap, at pagmamahal. Makikita rito si Chico (JM), ang kanyang mga magulang na sina Fernan (Joey Marquez) at Luzviminda (Sylvia), at ang kanyang mga kapatid—sina Beri (Kiko Estrada), Apol (Kid Yambao), Persi (Jairus Aquino), Peachy (Maris Racal), Lemon (Kira), Cherry (Mutya Orquia), at Pongky (Raikko Mateo)—sa kanilang pagharap sa mga problemang susubok sa kanilang pagmamahal sa pamilya.

Responsableng panganay na anak si Chico, ngunit isang trahedya ang maglalayo kay Chico mula sa kanyang pamilya na siya ring dahilan para ilagay siya ng kanyang mga magulang sa pangangalaga ng kanyang lolo at lola. Sa kabila ng malagim na nakaraan, susubukin pa rin ni Chico na mapalapit sa kanyang magulang at mga kapatid. Pero agad ding mauudlot ang kanilang saya dahil isang sekreto ang mabubunyag na gugulo sa kanilang buhay: may ibang babae ang kanilang amang si Fernan.

Dito uusbong ang iba't ibang problemang susubok sa katatagan ng pamilya Mabunga. Puno man ng pagsubok, makakasama naman ni Chico si Betty (Arci Muñoz), ang matalik niyang kaibigan na kasangga niya sa lahat ng laban.

Mapanatili pa rin kaya ang pagmamahal sa kanilang puso at pipilitin pa ring mabuo ang kanilang pamilya?

Kasama rin sa de-kalibreng *cast* ng *Pamilya Ko* sina Irma Adlawan at Alyssa Muhlach. Ito ay sa direksiyon ni Raymund Ocampo.

Ipinahayag ni Kira ang kagalakan na muling makatrabaho ang *award-winning actress* na si Ms. Sylvia.

Saad ng magandang aktres, "Sobrang saya ko po na naka-*work* ko rito si Tita Sylvia. *I've actually worked with* Tita Sylvia sa *The Greatest Love, so, to be working with her again it's a huge honor because it's another learning experience. I get to learn from her again and this time with a closer role.*

"*Because* sa TGL *love interest* ako ni Joshua (Garcia), *so* wala po ako masyadong eksena kasama si Tita Sylvia. *So*, ngayon na anak niya po ako, *I get to learn more, I get to see how she really acts and connects, so, it's a huge blessing.*" L

**SHOWBIZ**

# Ejay Falcon, excited na sa bagong teleseryeng Sandugo

**Ni NONIE V. NICASIO**


Larawang mula sa news.abscbn.com

SI Ejay Falcon ay maituturing na isang *homegrown* na Kapamilya aktor dahil ang ABS CBN ang nagbukas ng pinto sa kanya upang magkaroon ng puwang sa mundo ng *showbiz*. Naganap ito noong siya ay makipagsapalaran sa *Pinoy Big Brother: Teen Edition Plus* noong 2008 at tanghalin dito bilang *big winner*.

Sa parehong taon, ang aktor na tubong Pola, Oriental Mindoro ay naging bahagi ng *sitcom* na *That's My Doc* na tinampukan ni Aga Muhlach. Mula rito ay nagtuloy-tuloy na ang *career* sa *showbiz* ni Ejay.

Ang ilan sa mga *TV show* na ginawa niya sa Dos ay ang *Katorse, Guns and Roses, Dugong Buhay, Pasion de Amor,* at *The Blood Sisters,*

*Worth mentioning* na nagkaroon sina Ejay at Lauren Young ng *special participation* sa *Korean TV series* na pinagbidahan nina Lee Je-hoon at Chae Soo-bin na pinamagatang *Where Stars Land* (*episodes* 7-8).

Sa pelikula naman, unang *break* ni Ejay ay noong 2010 *via Father Jejemon* na *entry* sa Metro Manila Film Festival ng *Comedy King* na si Dolphy. Mula rito, ang ilan pa sa pelikulang nagawa niya ay *Can't Help Falling In Love* nina Kathryn Bernardo at Daniel Padilla, *Girl Boy Bakla Tomboy* at *Gandarrapiddo: The Revenger Squad* ni Vice Ganda.

Ngayon ay inaabangan na ng marami ang *forthcoming TV series* niya sa ABS CBN, ang *Sandugo*, na ilan sa *co-stars* niya sina Aljur Abrenica at Elisse Joson.

Ang bago niyang serye ay isang *family action* drama na tumatalakay sa kuwento ng pamilya at mga nangyayari sa ating bansa sa kasalukuyan at gaganap dito si Ejay bilang isang NBI *agent*.

"*Excited* na ako sa seryeng ito, ang sabi sa amin, malapit na raw. Bigyan na lang natin ng kaunting-kaunti na lang na panahon. Ngayon nagte-*taping* pa rin kami," sambit ni Ejay sa panayam sa kanya.

Ipinahayag din ni Ejay ang labis na kagalakan sa nangyayari sa kanyang *career* ngayon.

"Nagpapasalamat ako kay Ms. Rei Tan, sobrang *blessing* si Mommy Rei sa lahat ng mga tao. Sobrang *generous* niya at sobrang bait niya dahil iyong *blessings* na nakukuha niya isini-*share* niya talaga sa mga tao kaya *thankful* akong maging *ambassador* ng isang *skin care company*. Nagpapasalamat din ako sa ABS CBN, sa pag-aalaga nila sa akin... kare-*renew* ko lang ng *contract* sa kanila," masayang pahayag pa ng aktor. L

**SHOWBIZ TRIBYA**

**Ni JULIO SILVERIO, JR.**

ANG pinakamatagumpay na *screen partnership* sa pelikulang Pilipino ay ang Dolphy-Nida Blanca *team-up* – mas *durable* pa sa alinmang "*romantic loveteam*" na tinatawag, maging *senior* o *junior*. Sila'y masasabing higit na "*commercially successful*" sa alinmang *loveteam*; mas tinanggap ng madla ang kanilang pagtatambalan sa telebisyon at pelikula kaysa alinmang kilalang tambalan sa *showbiz*.

Ang lihim ng pambihira at natatanging tambalang ito ay nagbabantay sa higit na paggalang at pagkagusto nila sa isa't isa na masasabing di lumalampas sa hangganan ng isang tunay na pagiging magkaibigan.


Dolphy-Nida Blanca

-oOo-


Lorli Villanueva

SI Lorli Villanueva ay nagsimulang umawit sa isang palatuntunang pambata noong siya'y tatlong taong gulang pa lamang. Sa haiskul, siya'y naging kampeon ng "Tawag ng Tanghalan" sa Visayas sa loob ng 14 linggo subalit binago ng kapalaran ang kanyang larangan – siya'y nadako sa pelikula, *advertising*, telebisyon at teatro.

Itinanghal siya bilang "Best Supporting Actress" ng 1973 Manila *filmfest* dahil sa paganap bilang Kapitana Monika sa "Lupang Hinirang".

Si Lorli ay unang gumanap sa "Santiago" noong 1970 bilang *starring role* at naging ganap na bituin sa "King Khayamand I" noong 1974.

-oOo-

ISANG batikang komedyante ng *stage* at pelikula, si Palito o si Rene (ang kanyang tunay na palayaw) ay may itinatangi sa lahat ng mga mapagpatawa.


Palito


Tangi sa isang komedyante, siya'y isang *musician*. Sa katunayan, siya ay may tatlong kombo na pinamamahalaan – isa sa Honolulu, Hawaii at dalawa sa Japan.

Sikap at tiyaga ang tanging naging puhunan niya para makamtan ang lahat ng biyaya niyang ito.

Bago nag-artista si Palito, siya'y lumalaban na sa mga *stage show* at namahala sa kanyang Duke's Sextet Combo sa loob ng walong taon. L

Mga larawang mula sa Google

# PAGLALAKBAY




Sa patutunguha'y malapit na ako,
Ngunit kung isipin
Ay tila hindi na sasapitin ito;
Madamo't madawag ang tinatahak ko,
At ang takipsilim
Ay nagsasaboy na ng luksang anino.

Sa haba ng aking tinaluntong landas,
Hindi na mabilang
Ang mga sandaling ako ay bumagsak;
Sa bawat pagbango'y tila bumibigat
Itong kapalarang
Nasa balikat ko't laging nakaangkas.

Nais kong dumaloy ang luha ng lungkot
Sa likod ng galak,
Anurin ng pawis ang dusa't himutok;
Sa daming tinawid na parang at gulod,
Sapatos na katad
Na suot-suot ko'y bulok na at pudpod.

Ang paglalakbay ko'y saklot na ng dilim,
Hindi na makita
Ang sinundang ilaw ng aking paningin;
Ang buong tanawin ay nangungulimlim,
At ikinubli na
Ng ulap ang buwan at mga bituin.

**- OMER OSCAR B. ALMENARIO**